

FinEd unboxed

Financial Wellness Journal



Panimula

- 3 Maghanda tayo! 4 Pre-assessment

Kabanata 1: Tungkol sa *Financial Wellness*

- 6 Panimula ng Kabanata 7 Paano ka matutulungan ng *financial education* na makamit ang *financial wellness* 8 Ang mga yugto sa pamamahala ng pera 9 Pagharap sa mga *financial challenges* 11 Gawain: *Visioning Exercise*

Kabanata 2: Tungkol sa *Saving* (Pag-iipon)

- 12 *Case study*: Hirap si Mang Raphael mag-iipon 13 Mga karaniwang maling akala sa pag-iipon 14 Ano ba ang mga layunin sa pag-iipon? 15 Ano ang mga *tools* na pwede mong gamitin sa pag-iipon? 20 Saan tayo dapat mag-iipon?
- 21 Saan dapat mapunta ang iyong ipon? 23 Ano ang mga iba't-ibang paraan para makapag-iipon? 24 *Chapter wrap-up*

Kabanata 3: Tungkol sa *Insurance*

- 27 *Case study*: Siniguro ni Aling Yolanda ang kinabukasan ng kanyang anak 28 Ano ba ang *insurance*? 29 Bakit natin kailangan *i-insure* ang ating sarili at ang ating pamilya? 29 Ano ang mga iba't-ibang klase ng *insurance*? 31 *Chapter wrap-up*

Kabanata 4: Tungkol sa *Credit* (Utang)

- 33 *Case study*: Sa Wakas! Wala nang utang si Teacher Mary 34 Ano ba ang utang? 35 Paghiram ng pera at pagkakaroon ng utang 36 Ano ang "*debt trap*" at paano mo ito maiiwasan? 37 Ano ang iyong mga *options* sa pag-utang?
- 38 Mag-ingat lagi! 39 Mga praktikal *tips* bago humiram ng pera 39 *Loan calculator* 40 *Chapter wrap-up*

Kabanata 5: Tungkol sa *Investing* (Pamumuhunan)

- 41 *Case study*: Na-*scam* si Corporal Star 42 Ano ang pamumuhunan o *investment*? 43 Ano ang pagkakaiba ng pag-iipon at *insurance* at pamumuhunan? 43 Ano ang mga iba't-ibang klase ng *investment*? 46 Ano ang mga dahilan ng pagtaas o pagbaba ng halaga ng isang *investment*?
- 47 *Risk appetite* at *investment personality* 49 Paano magsimula sa pamumuhunan? 50 Pagkilala at pag-iwas sa mga *financial fraud* at *scams* 53 *Chapter wrap-up*

Konklusyon

- 54 Pangwakas na mensahe

Simulan na natin ang iyong *Financial Wellness Journey!*

PANIMULA

Tayong lahat ay may kani-kaniyang diskarte pagdating sa usaping pera. Sa BPI Foundation, **naniniwala kami na mas magiging magaling pa ang iyong diskarte kapag mayroong *financial education!*** Narito kami para tulungan kang gumawa ng mga mas mabubuting desisyon pagdating sa iyong pera at tulungan ka maging *financially free*.

Kaya narito ang FinEd unboxed!

Nais ng programang ito na tulungan kang makamit ang *financial wellness* sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga mahahalagang impormasyon. Ang mga ito ay gagabay sa iyo para maging

masigasig sa pag-iipon, responsable sa pangungutang, at masinop sa pamumuhunan!

Sa *Financial Wellness Journal* na ito, tatalakayin sa bawat kabanata ang iba't-ibang aspeto ng *financial wellness* at mga mahahalagang kaalaman mula sa mga totoong kuwento ng mga ordinaryong Pilipino.

Gamit ang gabay na ito, simulan na natin ang iyong *financial wellness journey!*



Maghanda tayo!

Maraming paraan para maging mas magaling mamahala ng pera. Makatutulong sa iyo ang mahusay na pagbadyet ng iyong pera at ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa iba't-ibang produkto at serbisyo para makapag-ipon o makapagsimula sa pamumuhunan.

PRE-ASSESSMENT

Sagutan ang susunod na pahina para ma-reassess ang iyong personal na kaalaman at saloobin sa pera at mga terminong pinansyal.

Pahayag	Lubos na sang-ayon	Sang-ayon	Hindi sang-ayon	Lubos na hindi sang-ayon	Hindi ko alam
PERSONAL NA SALOOBIN TUNGKOL SA USAPING PERA					
Positibo ang aking pananaw sa usaping pera.		✓			
Naniniwala ako na maaari kong gamitin ang pera para sa ikabubuti ko.			✓		
Alam ko ang eksaktong halaga ng aking ipon sa kasalukuyan.			✓		
Alam ko ang eksaktong halaga ng aking mga gastusin noong nakaraang buwan.				✓	
Mayroon akong <i>savings goal</i> para sa buwan na ito.			✓		
Mayroon akong <i>savings goal</i> para sa taong (<i>year</i>) ito.		✓			
Mayroon akong hiwalay na <i>savings account</i> sa bangko.					✓



PRE-ASSESSMENT

Para sa bawat pahayag, lagyan ng tsek ang kahon na katapat kung ikaw ay sang-ayon o hindi. Isang kahon lang ang icheck para sa bawat tanong.

Pahayag	Lubos na sang-ayon	Sang-ayon	Hindi sang-ayon	Lubos na hindi sang-ayon	Hindi ko alam
PERSONAL NA SALOOBIN TUNGKOL SA USAPING PERA					
Positibo ang aking pananaw sa usaping pera.					
Naniniwala ako na maaari kong gamitin ang pera para sa ikabubuti ko.					
Alam ko ang eksaktong halaga ng aking ipon sa kasalukuyan.					
Alam ko ang eksaktong halaga ng aking mga gastusin noong nakaraang buwan.					
Mayroon akong <i>savings goal</i> para sa buwan na ito.					
Mayroon akong <i>savings goal</i> para sa taong (<i>year</i>) ito.					
Mayroon akong hiwalay na <i>savings account</i> sa bangko.					
Agad kong nilalagay ang aking kita sa <i>savings account</i> kapag natatanggap ko ito.					
Gumagamit o nakagamit na ako ng <i>spending tracker</i> .					
Sa kasalukuyan ay mayroon akong ipon na maaari kong gamitin sa oras ng kagipitan o <i>emergency</i> .					
Lumalaki ang aking ipon bawat taon.					
KAALAMAN TUNGKOL SA MGA TERMINO AT PROGRAMANG PINANSYAL					
May alam ako tungkol sa pamumuhunan o <i>investments</i> .					
Nasubukan ko nang mamuhunan.					
May alam ako tungkol sa mga pakinabang o benepisyo ng <i>insurance</i> .					
Naka-avail na ako ng <i>insurance policy</i> .					
Pamilyar ako sa iba't-ibang propesyonal na <i>loaning institutions</i> .					
Nakautang na ako dati.					
Alam ko ang iba't-ibang kinakailangan o mga <i>requirements</i> para makautang.					
May alam ako tungkol sa mga programa ng GSIS at SSS.					
Madali kong nakikilala ang mga <i>scam</i> o panlolokong pinansiyal.					
Kumpanya akong alam ko ang iba't-ibang hakbang para masigurong ligtas lagi ang aking pera.					



KABANATA 1

Tungkol sa *Financial* *Wellness*

“Madaling gumastos ng pera, pero mahirap itong kitain.”

Siguro ay narinig mo na ang kasabihang ito. Ito ay totoo.

Mahirap *i-track* ang iyong pang-araw-araw na gastos. Mahirap ding *i-track* ang iyong paggastos sa loob ng isang linggo o isang buwan. Minsan, magugulat ka na lang na ubos na pala ang iyong ipon!

Dahil dito, tayo ay may kaniya-kaniyang diskarte sa pamamahala ng pera. Ngunit, isang bahagi lang ang diskarte at marami pa tayong maaaring gawin bukod sa pagiging matipid.

Aming ibabahagi sa inyo ang iba't-ibang pangunahing kaalaman sa pamamahala ng personal na yaman o *finances* para makamit ang *financial wellness*!

PAANO KA MATUTULUNGAN NG FINANCIAL EDUCATION NA MAKAMIT ANG FINANCIAL WELLNESS


Ang layunin ng *Financial Education (FinEd)* ay bigyan ka ng impormasyon at kaalaman na makatutulong sa iyong maging mas kumportable at *confident* sa pamamahala ng pera. Sa pamamagitan ng *FinEd*, maaari mong mapabuti ang iyong diskarte sa *finances* para maiwasan ang mga mali o nakahihinayang na desisyong pinansyal.



Maaari kang tulungan ng *FinEd* sa mga sumusunod na paraan:



Palawakin at palalimin ang iyong pagkakaintindi sa halaga ng pag-iipon



Makakuha ng kaalaman tungkol sa mga “*best practices*” sa pamamahala ng *finances*



Maging pamilyar sa mga paraan at *tools* na magpapabuti ng iyong relasyon sa pera



Malaman ang mga iba’t-ibang *financial products and services* na maaari mong magamit

Pero TANDAAN!

Ang pagkamit ng *financial wellness* ay hindi isang *get rich quick scheme*.

Ang *FinEd* ay tungkol sa paglikha ng pinakamabuting sitwasyon para sa iyo at sa *finances* mo.

Hindi ito tungkol sa pagkapanalo sa *lotto* o pagtaya ng iyong pinansyal na kalagayan sa kapalaran.

Kung maayos ang pamamahala mo sa iyong *finances*, mababawasan o maiiwasan mo ang mga problemang pinansyal.




ANG MGA YUGTO SA PAMAMAHALA NG PERA

Isang karaniwang *financial goal* ay ang pagkaroon ng mas madaming pera habang tayo ay tumatanda.

Kung iisipin natin, may katwiran ito: mas maigi nga namang magkaroon ng mas maraming pera habang lumilipas ang panahon. Pero kaya ba talaga nating makamit ito nang ganoon kadali?

Pinapakita ng tsart na ito ang halaga ng perang mayroon ang isang karaniwang Pilipino sa iba't-ibang yugto ng kanyang buhay:




Ang lime na guhit ang inaasahan nating paglago ng ating pera sa tatlong yugto ng ating buhay.

Ngungit, kadalasan ay mas makatotohanan ang light teal na guhit. **Bakit kaya?**


— Inaasahan
— Realidad

Lagi kasi tayong magkakaroon ng gastos. Puwede itong maging:



Planado

halimbawa: ang iyong kasal, pagbabayad ng matrikula, o pagbabakasyon



Hindi planado

halimbawa: kapag may nagkasakit sa iyong pamilya, mga biglaang sira sa bahay na kailangan ayusin, o mga aksidente

Mahirap magkaroon ng matatag at hindi pabago-bagong sitwasyong pinansyal. Talagang pahihirapan ka ng mga gastusing hindi planado. Hindi karaniwan na isama sa badyet ang mga

gastos na pang-ospital o biglaang pagpapaayos ng bahay. Kaya pag dumating ang mga malalaking gastusing ito, madalas nauubos talaga ang iyong ipon!

Ngunit, ang katotohanan ay **KARANIWANG KARANASAN ITO.** Bihira ang taong hindi dumadaan sa hirap pagdating sa pamamahala ng pera!

PAGHARAP SA MGA *FINANCIAL CHALLENGES*

Huwag mahiya o mawalan ng pag-asa kung nahihirapan ka sa iyong *finances*. Karamihan naman ay nakakaranas nito.

Ngayon na alam mo na maaari mong pagdaanan ang iba't-ibang *financial challenges*, puwede mo itong paghandaan.

Isa sa mga puwede mong gawin para paghandaan ang mga *financial challenges* ay ang pagkakaroon ng malinaw na layunin o *goals*. Makatutulong ito para magkaroon ka ng gabay patungo sa pagkamit ng iyong mga pangarap.

“Dreams without goals are just dreams and they ultimately fuel disappointment.”

- Denzel Washington

S.M.A.R.T Goals

Sa paggawa ng iyong mga layunin, laging tandaan ang *S.M.A.R.T goals: Specific, Measurable, Attainable, Relevant, and Time-Bound*. I-check ang kahon na angkop sa iyong layunin.

	✗	✓
<p>SPECIFIC (TIYAK). Ano ba talaga ang bumubuo sa layunin mo? Ang pagiging mayaman ay hindi tiyak na layunin. Ngunit, ang pagkakaroon ng sapat na ipon para bumili ng bagong kotse ay isang tiyak na layunin. Puwede mo ring tukuyin ang klase at tatak ng kotseng gusto mong bilhin.</p>	<p>“Gusto kong bumili ng kotse”</p>	<p>“Gusto kong bumili ng sarili kong Toyota Vios A/T para magamit ng aking pamilya at para kumita ako habang namamasada.”</p>
<p>MEASURABLE (MASUSUKAT). Paano mo malalaman na nakamit mo na ang iyong layunin? Ang isang mabuting layunin ay dapat laging nasusukat. Magkano ang kotseng gusto mong bilhin? Kapag alam mo ang tunay na halaga ng iyong gusto, masusukat mo na ang iyong layunin.</p>	<p>“Gusto kong bumili ng kotse”</p>	<p>(1) Mag-ipon ng Php 50,000 pang <i>downpayment</i> para sa isang Toyota Vios A/T. (2) Magtabi ng Php 15,000/ buwan para sa <i>car amortization</i> na tatagal ng limang taon.</p>
<p>ATTAINABLE (MAAABOT). Kaya mo bang makamit ang iyong layunin? Sa paggawa ng layunin, kailangan mong isipin ang iyong kasalukuyang kalagayan. Kung ikaw ay isang estudyante na nakakatanggap lang ng baon mula sa iyong mga magulang, hindi mo pa siguro kayang mag-ipon para sa isang kotse.</p>	<p>Nagbabayad parin ng utang</p>	<p>Isang propesyonal na sapat ang ipon para sa mga malalaking gastusin</p>
<p>RELEVANT (AKMA). Bakit mo gustong makamit itong layunin na ito? Kung ang layunin mo ay akma sa iyong mga pangangailangan at interes, mas nanaisin mong makamit ito. Bakit mo gustong bumili ng kotse? Kung hindi ka maka-isip ng mabuting dahilan, baka hindi akma ang layuning ito sa iyo.</p>	<p>May mga mas matipid na <i>options</i> na bagay sa pagpapanatili ng pamumuhay</p>	<p>Madalas mamasyal ang pamilya kaya mataas ang <i>demand</i> para sa mga <i>ride-hailing</i> o <i>delivery services</i></p>
<p>TIME-BOUND (MAY TAKDANG PANAHON). Kailan mo makakamit ang layunin na ito? Maaaring maging malabo ang ating mga layunin kaya dapat natin siguraduhin na sila ay tiyak at partikular. Kung ang layunin mo ay makapag-ipon para bumili ng kotse, kailan mo ito dapat makamit? Sa isang taon? Pagkatapos ng dalawang taon? Ang pagkakaroon ng takdang panahon ay makakatulong sa iyo sa pagkamit ng iyong layunin.</p>	<p>“Gusto kong bumili ng kotse”</p>	<p>Mag-ipon ng Php 50,000 pang down-payment para sa isang Toyota Vios sa loob ng tatlong buwan at mag-apply para sa isang car loan sa dulo ng taon</p>

GUSTO MO NA BANG MAGSIMULA?

Ang role ng *FinEd* ay palawakin ang iyong *financial management skills*.

Ngunit, hindi sapat ang matuto lamang dahil kailangan din itong isabuhay araw-araw!

Sa katapusan ng modyul na ito, layunin namin na subukan mo ang mga bagong diskarte sa pamamahala ng iyong *finances* gaya ng mga sumusunod:

- Pagbago ng iyong kaugalian sa paggastos.
- Pagsumikap na *ma-track* ang iyong paggastos at pag-iipon.
- Pagsimula ng isang *emergency fund*.
- Pagiging mas maingat sa pag-utang.
- Pagsisimulang mamuhunan o mag-*invest*.

Sa iyo nakasalalay kung gagawin mo ang mga ito.

Kung gusto mong maging wais sa pamamahala ng iyong *finances*, kailangan mong mag-aral nang mabuti at pagbutihin iyong mga *financial decisions*.

GAWAIN: VISIONING EXERCISE

Tagubilin: Ano ang iyong gustong makamit pagkaraan ng 10 taon? Iguhit mo ang iyong mga layunin at pangarap sa ibabang puwang. Maging partikular sa iyong guhit (halimbawa: Kasal na at may 2 anak, may bahay at kotse). Gamitin ang konsepto ng **S.M.A.R.T Goals** sa gawaing ito.



Gawin ito!

Puwede kang gumawa ng isang digital drawing o i-print ang pahinang ito at guhitan.



KABANATA 2

Tungkol sa *Saving* (Pag-iipon)

CASE STUDY: HIRAP SI MANG RAFAEL MAG-IPON

Pangarap ni Mang Rafael na sana, sa pagbabalik ng kanyang misis sa Pilipinas, isang maginhawang buhay na bunga ng kanyang 22 taon na sakripisyo bilang *domestic worker* sa Hong Kong ang nahanda niya para sa kanyang minamahal na asawa. Para masabing natupad ang kanyang pangarap na maginhawang buhay para sa kanyang misis, layunin niya na makapagpatayo ng sarili nilang bahay at makapag-ipon ng *retirement funds* nilang mag-asawa. Naiintindihan ni Mang Rafael na hindi magiging madali

ang pag-abot ng kanyang pangarap dahil sa dami ng gastusin ng kanilang pamilya. Bukod pa sa pagpapalaki ng dalawang anak, may mga hindi inaasahang pagsubok sa buhay, gaya ng sakit sa pamilya at kalamidad. Samakatuwid, nahirapan si Mang Rafael mag-ipon.

Ngunit, sa kabila nitong mga paghihirap, disidido si Mang Rafael kaya siya nagsimulang magsaka ng gulay para may dagdag silang kita. Naging mas matipid si Mang Rafael at dahil sa kaniyang pagsusumikap, nakapagbukas siya ng *savings account* sa bangko. Gamit ang kita mula sa pagbenta ng gulay at ang kita ng kanyang misis, nakabili si Mang Rafael ng bahay at lupa. Ayon sa kanya, **ang sekreto ng mabisang pag-iipon ay ang pagiging matipid, masipag, matiyaga** at ang pagiging tapat sa asawa at sa pamilya.

KABANATA 2: TUNGKOL SA SAVING (PAG-IIPON)

Isa sa mga pinaka-imporanteng parte ng *financial wellness* ay ang **ipon**! Ngungit, ayon sa resulta ng isang *survey* noong 2017¹, mahigit sa kalahati ng mga Pilipinong nasurvey ay hindi nakapag-iipon noong taong iyon.

Narito ang iba't-ibang aspeto ng pag-iipon.

MGA KARANIWANG MALING AKALA SA PAG-IIPON

Minsan mahirap mag-iipon dahil madalas nauunahan tayo ng takot o *intimidation*. Dahil diyan, marami tayong naiisip na katwiran para hindi magsimula. Pero tama nga ba ang katwiran mo?

#1: Hindi ka dapat magbukas ng *savings account* sa bangko dahil mababa ang interes.




MALI. Hindi intensyon ng pagkakaroon ng *savings account* na maging mayaman ka. Ang pagkakaroon ng *savings account* ay para *secured* ang pera mo at madali mo itong *i-access*.

#2: Dapat kumikita ka na ng malaki para makapagsimula kang mag-iipon.



MALI. Hindi mahalaga ang liit o laki ng kinikita mo sa kasalukuyan, ang mahalaga ay nakapagtatabi ka ng pera. Importanteng makapaglaan ka nang kahit maliit na halaga.

#3: Dapat hindi ka masyadong magastos kung gusto mong makapag-iipon.



MALI. Kung gusto mong mag-iipon, hindi mo kailangang itigil ang lahat ng paggastos o alisin ang lahat ng luho mo sa buhay. Ang kailangan lang ay laging tandaan ang badyet. Kung alam mo ang badyet mo, malaya kang gamitin ito para bilhin ang gusto mo. Puwedeng-puwede kang gumastos kahit gusto mong mag-iipon. Ang mahalaga ay wais ka sa paggastos mo!

#4: Maliit lang ang kaya mong ipunin, kaya bale wala lang!



MALI. Mahalaga ang bawat piso na maiipon mo. Kahit maliit lang ang halaga, kung patuloy kang mag-iipon nang regular, malaki din ang maitatabi mo sa isang taon. Ang pag-iipon ay hindi basta-bastang nangyayari. Kailangan mo maging masipag at matiyaga para lumaki ang iyong ipon.

¹2017 Financial Inclusion Survey: Moving Towards Digital Financial Inclusion. Bangko Sentral ng Pilipinas. (29 June 2017). <http://www.bsp.gov.ph/downloads/Publications/2017/2017FISToplineReport.pdf>

Gawin ito!

Dadalhin ka ng mga link na ito sa iba't-ibang online resource.

ANO BA ANG MGA LAYUNIN SA PAG-IIPON?

Hindi ka nagsisimulang mag-ipon para lang maramdaman na dumadami ang iyong pera. Siyempre, pinaplano mong rin gamitin ang perang maiipon mo.

Kapag gusto mong mag-ipon, madalas na ang pakay mo ay isa sa mga sumusunod:



- #1** May gusto kang makamit na **layunin o milestone** (halimbawa: magretiro, magbakasyon, magkaroon ng sariling bahay, o makapagtapos ng pag-aaral)



- #2** Gusto mong protektahan ang pamilya mo at ang iyong sarili sa mga **pangyayaring hindi inaasahan o mga emergency** (halimbawa: mga aksidente, bagyo, sunog, o pagkamatay)

Masarap sa pakiramdam na makamit ang dalawang pakay na ito dahil mabibigyan ka nito ng *sense of fulfillment* at kapanatagan ng loob.

KAILAN KA DAPAT MAGSIMULANG MAG-IPON?

NGAYON NA.


Ang “tamang panahon” para magsimulang mag-ipon ay **NGAYON**. Kailangan mo itong gawin ngayon, sa lalong madaling panahon, at kahit magsimula ka sa maliit na halaga.

Isipin mo: kung nagsimula kang mag-ipon noong nakaraang taon,


magkano na kaya ang ipon mo ngayon? Kung ang layunin mo ay makapag-ipon para makabili ng mahal na gamit o makapagbayad-utang, makakaya mo nang gawin ito ngayon kung nakapagsimula kang mag-ipon noong nakaraang taon.




ANO ANG MGA *TOOLS* NA PWEDE MONG GAMITIN SA PAG-IIPON?



SPENDING TRACKER




BUDGET PLANNER



COST MATRIX

Gawin Ito!

Dadalhin ka ng mga link na ito sa iba't-ibang resource.



MONTHLY SPENDING TRACKER

Step 1: Ilista ang iyong mga savings goals batay sa iyong visioning exercise.			
Layunin	Halaga	Ilang buwan para ma-ipon?	Magkano ang dapat ma-ipon kada buwan?
Step 2: Ilista ang lahat ng iyong kita at gastusin.			
1.	Pinagmumulan ng kita		
	Kita #1		
	Kita #2		
	Kita #3		
GROSS INCOME			
2.	Mga bawas mula sa kabuuang kita		
	A. Buwis		
	B. GSIS/SSS		
	C. Philhealth		
TOTAL DEDUCTIONS			
NET INCOME			
3.	Gastusin		
	A. Mga pang-araw-araw na pangangailangan		
	Pagkain		
	Upa		
	Utility		

MONTHLY SPENDING TRACKER

Martikula	
Mga gastusing medikal	
Mga personal na pangangailangan (halimbawa: sabon, shampoo, atbp.)	
B. Debts	
Bank or other financial institutions	
C. Other expenses:	
KABUANG GASTUSIN	
POTENSYAL NA IPON (NET INCOME - KABUANG GASTUSIN)	
<p>Step 3: Balikan ang iyong badyet at tignan kung ano ang maaari mong idagdag sa iyong kita o ibawas sa iyong gastusin. I-compute ang iyong potensyal na ipon.</p>	
	AMOUNT
Potensyal na ipon	
Bawas: Kabuuang target <i>savings goal</i> (mula sa Step 1)	
SAVINGS CAPACITY (dapat ito ay isang positive number)	
<p>Step 4: Isulat ang iyong action plan para maabot mo ang iyong savings goal. Halimbawa: "Lilimitahan ko ang aking gastos para sa aking mga wants sa Php 1,000 kada buwan."</p>	

BUDGET PLANNER

Maging masusi sa pagtatala ng iyong mga gastusin. Gawin ang iyong badyet para sa buwan para mas mapag-aralan mo ang iyong *needs* at *wants*. Kapag nagbadyet ka, laging sundan ang tamang *savings formula* o *prosperity formula*:

Kita - Ipon = Gastusin

Itabi agad ang iyong ipon. Tratuhan itong gastusin para sa pamilya mo at sa sarili mo. Ang pagtabi ng iyong ipon bago ka magsimulang gumastos ang sikreto para sa tuloy-tuloy na *financial health*.

Buwan		
Net Income (Mula sa Step 2 ng Spending Tracker)		
Ipon na itatabi (Savings capacity mula sa Step 3 ng Spending Tracker)		
MGA GASTUSIN	BADYET	TOTOONG NAGASTOS
Upa		
Pagkain (halimbawa: palengke)		
Pagkain (halimbawa: grocery)		
Toiletries		
Kuryente		
Tubig		
Landline na telepono		
Cellphone		
Cable para sa TV		
Internet		
Pamasahe		
Baon ng mga bata		
Amortization sa loan		

SAAN TAYO DAPAT MAG-IPON?

OPSYON #1:

Mga bangko o banks



Ang pagtabi ng pera sa bangko ay isa sa mga pinakapraktikal at ligtas na hakbang na puwede mong gawin kung nagsisimula ka palang mag-ipon. Kung nasa bangko ang iyong pera, hindi mo kailangang mag-alala na baka manakaw o mawala ito. Maaari mo ring ma-track ang iyong pera. Paano kung maliit lang ang ipon mo ngayon? Huwag kang mag-alala!

Puwede ka nang magbukas ng savings account gamit ang initial deposit na Php 50 lamang.

Halimbawa, ang BPI Direct BanKo, isang sangay o *subsidiary* ng Bank of the Philippine Islands (BPI), ay may PondoKo Savings *account* kung saan puwede kang magbukas ng savings account kahit maliit lang ang iyong *initial deposit*.

Mas pinadali na ang proseso ng pagbukas ng *savings account* sa isang bangko. Madami na ring mga ATM kung saan puwede mong *i-withdraw* ang pera mo kahit kailan, kahit saan.

Gawin ito!

Ito ay isang link na magdadala sa iyo sa PondoKo.

OPSYON #2:

Savings and credit cooperatives

Ang mga *credit cooperatives* ay nag-aalok ng mga pangunahing serbisyong pinansyal na limitado lamang para sa kanilang mga miyembro. Ang pinagsama-samang pera na ibinibigay ng mga miyembro ay puwedeng pondo bilang ipon, o pautang, at iba pang mga serbisyong pinansyal.

May mga iba ring *savings* and *credit cooperatives* na tumutulong sa mga *financial habits* ng kanilang mga miyembro. Minsan pa nga ay may mga *pa-bonus* at *pa-rebate* ang mga kooperatibang ito.

OPSYON #3:

Mga paluwagan o self-help groups

Ang mga paluwagan ay mga maliliit na grupo kung saan puwede mong sanayin ang sarili mong mag-ipon ng pera. Bawat buwan, nagbibigay ang mga miyembro ng pera sa *treasurer* o ingat-yaman ng grupo, na siya namang magtatabi ng pera. Pagkaraan ng panahong napag-usapan ng grupo, ibabalik ng *treasurer* sa bawat

miyembro ang halagang kanilang ibinigay. Ito ang kanilang “naipon” sa panahong iyon.

Dahil hawak ng ibang tao ang pera mo, “naipon” mo ito dahil hindi mo ito ginastos.



SAAN DAPAT MAPUNTA ANG IYONG IPON?

Ang totoong layunin ng pagkakaroon ng ipon ay hindi lang ang pagtabi ng isang tiyak na halaga. Ito ay ang pagiging handa para sa mga sumusunod na gastusin:

Ipon para sa mga *emergency*

Dapat mong tandaan na talagang hindi maiiwasan ang mga gastusing hindi planado o *emergency spending*. Kapag nangyari ito, huwag nang mag-atubiling gamitin ang iyong ipon! Isa naman ito sa mga pangunahing dahilan kung bakit ka nag-iipon: para hindi mo na kailangang mag-alala kung saan kukuha ng pera sa mga sitwasyon na gaya nito. Maaaring makatulong ang *emergency savings* mo para sagutin ang malalaking gastos at para makabangon ka muli sa lalong madaling panahon.

Halimbawa nito ay ang Pag-ibig MP2².

Ang MP2 Savings ay isang *special savings facility* na may *maturity* na limang taon. Ito ay para sa mga miyembro ng Pag-IBIG Fund na gustong mag-ipon ng mas maraming pera at kumita ng mas mataas na *dividends*, dagdag pa sa kanilang Pag-IBIG Regular Savings.

Bukas din ang programang ito sa mga pensyonado at *retirees* na dating miyembro ng Pag-IBIG Fund.

Ang *minimum* MP2 savings ay Php 500 para sa bawat *remittance*.



Mga panadaliang layunin o *short term goals*

Pwede mo ring gamitin ang iyong ipon para bayaran ang iyong mga *short-term goals* o panadaliang layunin at mga bilihan na may maliit na halaga. Ang ipon ay hindi lamang para sa mga *emergency*, ito rin ay paraan upang mabili ang iyong mga *wants*.

²MP2 (Modified Pag-IBIG 2) Savings. Pag-IBIG Fund.. https://www.pagibigfund.gov.ph/Membership_ModifiedPagIBIG2.html

Pagplano ng pagreretiro

Pagdating sa iyong pagreretiro, mas maganda kung mas maaga kang magsimula sa pag-plano. Maganda na pagdating ng panahon na puwede ka nang magretiro, hindi mo na iisipin ang pera dahil napaghandaan at napagplanuhan mo na ito.

Ang GSIS at SSS ay mga halimbawa ng mga *retirement plans* na puwede mong makuha!

GSIS Retirement sa ilalim ng R.A. 8291

Ayon sa batas³, ang isang miyembro ng GSIS ay maaaring makatanggap ng *5-year lump sum* o *cash payment with instant pension*. Para makuha ang benepisyong ito, dapat ikaw ay isang miyembro ng GSIS na:

1. Nagbigay ng 15 o pataas na taong serbisyo at 60 o pataas na taong gulang sa panahon ng pagreretiro.
2. Hindi isang *permanent total disability pensioner*.

SSS Retirement sa ilalim ng R.A. 11199

Ang SSS Retirement Benefits⁴ ay maaaring makuha sa *monthly pension* o *lump sum*. Ang mga sumusunod na miyembro ng SSS ay maaaring makakuha ng *retirement benefits*:

1. Ang mga 60 o pataas na taong gulang na humiwalay na sa kanilang trabaho o hindi na *self-employed*.
2. Ang mga 65 o pataas na taong gulang nagtatrabaho man sila o hindi.
3. Ang mga 55 o pataas na taong gulang na nagtatrabaho bilang minero o *underground miner* ng lima o pataas na taon bago ang semestre ng kanilang pagretiro. Kung isang minero na walang trabaho, dapat sila ay 60 o pataas na taong gulang bago sila makakuha ng mga benepisyong pangretiro.

³Retirement. Government Service Insurance System.
<https://www.gsis.gov.ph/active-members/benefits/retirement/>


⁴Pension Details. Social Security System.
<https://www.sss.gov.ph/sss/appmanager/pages.jsp?page=retirementpension>

ANO ANG MGA IBA'T-IBANG PARAAN PARA MAKAPAG-IPON?

OPTION #1:

Auto-debit mechanism

May *option* na ibinigay ang mga bangko ang awtomatikong pagbayad ng iyong mga bayarin mula sa iyong *account*. Ito ang tinatawag na *auto-debit mechanism*. Isa itong madaling paraan para siguraduhin na alam mo ang halaga ng lahat ng iyong binabayaran. Isa din itong ligtas na paraan para umiwas sa dagdag na singil dahil hindi ka na mahuhuli sa pagbayad.




OPTION #2:

Envelope system

Lagyan ng *label* ang iyong mga sobre ayon sa klase ng mga gastusin: pagkain, medisina, pamasaha, atbp. Kwentahin ang maaari mong magastos para sa bawat klase ng gastusin bawat buwan. Kapag natanggap mo na ang iyong sweldo o baon, ilagay ang SAKTONG halaga na kailangan mo para sa gastusing iyon sa bawat sobre.

Sa paraang ito, magiging mas tepat ka sa iyong badyet sa bawat buwan at hindi ka matutuksong gumastos ng sobra-sobra!



OPTION #3:

50/20/30 rule

Sundan ang *50-20-30 rule*. Ayon sa *rule* na ito, kapag natanggap mo na ang iyong sweldo o baon, hatiin ito sa sumusunod na paraan. 50% ay dapat mapunta sa iyong pang-araw-araw na pangangailangan sa loob ng isang buwan. 20% ay agad mong ilagay sa iyong *savings account*. Ang natitirang 30% ay maaari mong gastusin para sa iyong *wants*.



CHAPTER WRAP-UP!

Ang pagpapalaki ng ipon ay isang biyahe o *journey*. Maraming iba't-ibang paraan para magsimula at magpalago ng ipon at ang bawat paraang ito ay may kani-kaniyang magagandang aspeto o *perks*. Gaya ng biyahe o *journey*, kailangan mong pagplanuhan kung paano mo papalaguin ang iyong ipon. Kapag naisip

mo na ang iyong plano, dapat kang maging tapat dito. Alam namin na mukhang mahirap ito, pero magtiwala ka lang! Disiplina at kamalayan sa iyong paggastos ang kailangan mo para makapagsimulang makamit ang iyong kalayaang pinansyal.




Ito ang aming mga *tips* para masimulan mo na ang iyong pag-iipon.

TIP #1:

Linangin ang mga tamang ugali sa paggastos at pag-iipon.

Mahirap biglain ang pagbago ng ugali sa paggastos at pag-iipon. Mas madaling magisip ng mga maliliit na layunin na madaling makamit, lalo na kung nagsisimula ka pa lamang. Sa mga panahon na hindi mo nasunod ang iyong badyet, tandaan na ito ay isang proseso. Huwag magmadali.

Isang halimbawa ng maliit na layunin na puwede mong gawin ay ang maglagay ng Php 20 sa isang alkansya tuwing uuwi ka mula sa eskwela o trabaho. Ilagay ang alkansya malapit sa pintuan o sa isang ligtas na lugar kung saan madali mo itong makikita para hindi mo siya makalimutan. Kung gagawin mo itong regular, mayroon kang maiipon na Php 140 pagkalipas ng isang linggo! Php 600 sa isang buwan! At Php 7,300 sa isang taon!



TIP #2:

Unahin muna ang mga pangangailangan o *needs*, bago ang mga gusto o *wants*



Needs o *wants*? Kapag kailangan mong mamili sa dalawa, piliin mo ang iyong *needs* o pangangailangan. Kung uunahin mo ang iyong *wants*, dodoble lang ang iyong gastos dahil kailangan mo pa rin tugunan ang iyong *needs*.

Isang paraan para isabuhay ito ay ang pagbantay sa mga gastusin mo. Isulat mo sa isang papel o sa iyong *cellphone* ang bawat gastusin at ang halaga nito.

Pagkaraan ng isang linggo, balikan mo ang iyong mga gastusin. Karamihan ba ng mga gastusin mo ay para sa *needs* mo? O mas magastos ka para sa iyong *wants*?


TIP #3:

Gamitin ang *new savings formula*

Kapag tayo ay nakatanggap ng suweldo o baon, ang karaniwang ugali natin ay gastusin ito at ipunin ang halagang natira. Ang itsura ng *formula* na ito ay:

$$\text{KITA} - \text{GASTOS} = \text{IPON}$$


Ang problema sa lumang *formula* na ito ay maaari kang maubusan ng ipon kung napalaki ang iyong gastos!



Maaari mong simulan ang paggamit ng bagong *formula* na ito sa sumusunod na paraan:


STEP 1

Kailan ka ba kumikita ng suweldo? Bawat linggo? Bawat dalawang linggo? Kung ano man ang panahong ito, mag-isip ka ng halaga na gusto mong maipon bago dumating ang susunod na suweldo. Ito ang iyong *savings goal!* Kapag natanggap mo na ang iyong suweldo o baon, itabi ang halaga ng iyong *savings goal* sa isang sobre at itago ito sa isang ligtas na lugar.



STEP 2

Sa sobre, gumuhit ng pito o labing-apat na bilog, depende kung ang plano mo ay isa o dalawang linggo. Sa bawat araw na dumadaan na hindi mo ginagalaw ang halagang tinabi mo, markahan ang isang bilog gamit ang tsek. Puwede mo lang gastusin ang halaga sa loob ng sobre kapag namarkahan mo na ang lahat ng mga bilog o kapag may *emergency*.



STEP 3

Pagkatapos ng isa o dalawang linggo, makakamit mo na ang iyong *savings goal!* Puwede mo nang gastusin ang iyong naipon o puwede ka din magpatuloy sa pag-ipon. Para talagang maisabuhay ang *financial wellness*, magbukas ka ng *savings account* gamit ang perang naipon mo!





KABANATA 3

Tungkol sa *Insurance*

CASE STUDY: SINIGURO NI ALING YOLANDA ANG KINABUKASAN NG KANYANG ANAK

Laging nag-aalala si Aling Yolanda para sa kinabukasan ng kanyang mga mahal sa buhay. Para kumita ng mas malaki at masuportahan ang kanyang pamilya, namasukan siya sa Singapore bilang isang *domestic worker*.

Ayaw ni Aling Yolanda na maging pabigat sa kanyang pamilya kaya naman nang malaman niya na mayroon palang mga *insurance plans* na ang hangad ay matulungan sa mga gastusin ang mga pamilya ng mga pumanaw, ay agad siyang bumili ng isang *requisite life plan at accident insurance plan* na sasagot sa kanyang *memorial service* at bibigyan ng pera ang pamilya niya sa kanyang pagkamatay.

Dahil dito naging panatag si Aling Yolanda na hindi gaanong mahihirapan sa *finances* ang kanyang mga mahal sa buhay kapag siya ay lumisan na. Nagaplano na rin siyang kumuha ng *medical insurance policy* para makatulong sa mga gastusing pang-ospital kung siya ay magkasakit.

Para kay Aling Yolanda, importanteng maging handa. Pinapayuhan niya ang iba na kumuha rin ng *insurance* dahil **“ito ang magiging proteksyon natin sa mga pangyayaring wala tayong control.”**

ANO BA ANG *INSURANCE*?


Ang *insurance* ay paraan para protektahan ang pamilya mo at ang sarili mo laban sa mga malalaking gastusin. Paano ba iyong *insurance* na iyan? Ito ang sagot:




#1 Magbabayad ka ng regular na halaga sa iyong *insurance provider*, ito ang tinatawag na *premium*.



#2 Dahil nagbayad ka ng *premium*, bibigyan ka ng *financial assistance* ng *insurance provider* ayon sa kontratang pinirmahan ninyo.



#3 Kung may biglaang hindi magandang nangyari sa iyo, sasagutin ng *insurance provider* ang gastusin para hindi mo na kailangan mag-alala dito.



#4 Kung umabot ka sa *milestone* gaya ng pagretiro, may *opsyon* ka na kunin ang *premium* na binayaran mo. Para ka na ring nag-ipon para sa iyong pagtanda.

Binabayaran mo ang *insurance provider* para maging *safe* at *secured* ang iyong *finances* sa panahon ng *emergency*. Sa pamamagitan nito, magiging mas handa ka na para sa kinabukasan.

BAKIT NATIN KAILANGAN I-INSURE ANG ATING SARILI AT ANG ATING PAMILYA?



Alam natin na walang sigurado sa buhay na ito. **Kahit ikaw ang pinakamaingat na tao sa buong mundo, may mga bagay na hindi mo mapaghahandaan at maiiwasan.**

Gaya ng ipon, ang halaga ng *insurance* ay ang *peace of mind* na dala nito. Oo, karagdagang gastos siya ngayon, ngunit tutulungan ka nitong maging handa para sa mga gastusin sa iyong kinabukasan.

Mas mahalaga pa, napakalaking ginhawa na hindi na kailangan isipin ng mga minamahal mo sa buhay ang mga gastusin.

Halimbawa, kung ikaw ay naaksidente, hindi na nila kailangan isipin kung saan kukuha ng pondo para sa pagpapaospital mo dahil may *health at accident insurance* ka na. Hindi maiistres o mabibigatan ang iyong pamilya.

ANO ANG MGA IBA'T-IBANG KLASE NG *INSURANCE*?

TYPE #1:

LIFE INSURANCE

Kung ikaw ay naaksidente o pumanaw, **masasagot ng *life insurance* ang ilan sa mga gastusing haharapin ng iyong pamilya.** Malaking tulong at ginhawa sa pamilya kapag di na aalalahanin ang problemang pinansyal.

Isang halimbawa ng *life insurance* ay ang BPI-PhilamLife Protect Insurance⁵ na nagbibigay ng katumbas na 100% na *face value* ng iyong *plan*. Ito ay isang simple at

abot-kayang paraan para protektahan ang kinabukasan ng iyong pamilya dahil kada buwan, Php 320 lang ang kailangan mong bayaran para makakuha ng *insurance coverage* na aabot sa Php 1 milyon.

Sa BPI-Philam Life Protect Insurance maaari mong pagpilian ang planong bagay sa iyo. Puwede kang ma-cover ng *policy* ng isang taon, limang taon, o sampung taon.

⁵BPI-PhilamLife Protect Insurance. BPI-Philam Life Assurance Corp.

<https://www.bpi-philam.com/content/dam/bplac/en/docs/brochures/Life%20Protect.pdf>

TYPE #2:

NON-LIFE INSURANCE

Ang *non-life insurance* ay nakatutulong sa pagsagot ng gastusin para sa *loss at damages*, o pagkawala at pagkasira ng iyong mga pag-aari o *assets*.

Halimbawa, maari nitong punan ang gastos sa pagpapaayos ng iyong kotse. Napakalaking ginhawa nito lalo na kung nakadepende ka sa kotse mo para sa iyong kabuhayan!

Kaya kang tulungan ng *non-life insurance* pagdating sa mga malalaking gastusin para makabangon ka ulit sa lalong madaling panahon.

Ang *fire insurance*⁶ ay isang karaniwang halimbawa ng *non-life insurance policy*. Kung nasunog ang iyong bahay, babayaran

ka ng iyong *policy provider* ng halagang napag-usapan niyo sa iyong kontrata. Maaari mo itong gamitin para bumili ng bagong bahay o ipaayos ang bahay mo.

At kahit "*fire insurance*" ang pangalan nito, hindi lang sunog ang puwedeng sagutin nito! May mga *fire insurance policies* na sumasagot din sa mga pagkasira o kawalan na dulot ng pagnakaw, mga lindol, mga bagyo, at mga kaguluhan o *riot*.

Puwede ring sagutin ng *fire insurance* ang mga komersyal at industriyal na gusali, ang nilalaman ng iyong bahay, ang mga makina at kagamitan sa loob ng iyong gusali at kahit ang mga *stocks* mo.

TYPE #3:

PRE-NEED PLANS

Tayo ay nag-aavail ng *pre-need plans* upang paghandaan ang mga gastusin na, ayaw man natin isipin, sigurado tayong dadating o mangyayari sa ating buhay. Kasama sa *pre-need plans* ang mga *education plan* at *memorial plan*. Kumbaga, ang mga *pre-need plans* ay parang *advance payment*.

Sa pamamagitan ng pagiging handa para sa mga gastusin sa iyong kinabukasan, maiiwasan mong ma-istress o mabahala kapag nandiyan na ang mga ito.

Isang karaniwang halimbawa ng *pre-need plan* ay ang *memorial plan*. Babayaran mo ang isang *death care company* para sila ang sasagot sa gastos ng iyong libing sa oras ng iyong pagpanaw. Madalas kasama sa *coverage* ng *memorial plan* ay ang pag-aasikaso ng lamay at libing. Sa ganitong paraan, mababawasan ang pag-aalala ng mga naiwanang kapamilya.

TYPE #4:

VARIABLE LIFE INSURANCE

Minsan, may *investment component* ang mga *insurance plans*. Ang pera na ini-invest mo ay maaaring lumago lalo na kung maganda ang ekonomiya. Ang *variable life insurance* ay parang *2-for-1 deal*: mayroon ka ng *life insurance*, mayroon ka pang *potential investment success*!

Isang magandang halimbawa ng *variable life insurance policy* ay ang BPLAC Invest Peso Max⁷.

Magbabayad ka lang ng *one-time fee* para sa isang *combined investment and life insurance plan*. Isa itong magandang paraan para paghandaan ang iyong *retirement fund*.

⁶Fire Insurance. BPI/MS Insurance Corporation.

<https://www.bpims.com/products/fire-insurance?fbclid=IwAR354hP5NFIPbEwg-FmzgRWHUptTrKhr444fi1MvTGgKJzs7S0tz45WW8Wa8>

⁷Invest Peso Max. BPI-Philam Life Assurance Corporation.

<https://www.bpi-philam.com/en/our-products/investment/invest-peso-max.html>

CHAPTER WRAP-UP!

Ang pagkuha ng *insurance* ay isang paraan para siguraduhin at maprotektahan ang iyong *financial freedom*. Siguraduhin lamang na kapag ikaw ay nakakuha na ng *insurance plan*, uunahin mo ang regular na pagbayad ng iyong mga *insurance premium* para mapakinabangan mo nang buo ang iyong *insurance policy*.




Ito ang aming payo para regular mong mabayaran ang iyong *insurance premium*:

TIP #1:

Alamin ang mga detalye ng iyong *policy*


Kung alam mo ang iyong *billing statement* at *payment dues*, madaling ayusin ang iyong badyet. Kapag may tanong ka, huwag mag-atubiling magtanong sa mga kinatawan ng iyong *insurance company*.



TIP #2:

Tratuhin ang *insurance premium* na parang gastusing pantubig o pangkuryente.


Siguraduhing magtabi ng pambayad ng *insurance premium* kada buwan. Kung ikaw ay may *savings account*, puwede mong i-request sa iyong bangko na bayaran ang iyong *insurance provider* gamit ang *automatic payment system*.



TIP #3:

Iskedyul ang iyong mga pagbayad.

Alamin ang mga *deadline* ng pagbayad ng mga *insurance premium*. Huwag kalimutan na may dagdag na bayad kapag nakalimutan o nahuli ka sa iyong pagbayad at minsan, puwede pang mawala ang iyong *policy*.





KABANATA 4

Tungkol sa Credit (Utang)

CASE STUDY: SA WAKAS! WALA NANG UTANG SI TEACHER MARY

Si Teacher Mary ay isa sa mga masisipag na guro sa ating bansa. Siya ay masigasig sa kanyang trabaho, subalit, dahil sa obligasyon at pagmamahal sa pamilya kailangan pa rin ni Teacher Mary na mangutang para sagutin ang mga gastusing pang-ospital ng kanyang mga magulang. Kaya naman gaya ng maraming Pilipino, naipit si Teacher Mary sa “*debt trap*,” kung saan hirapan siyang bayaran ang kanyang mga utang.

Ngunit dahil sa pagdalo sa mga *financial wellness trainings*, naintindihan ni Teacher Mary ang halaga ng pagbabadyet at pagbabayad ng *amortization* sa


nakatakdang panahon. Gusto niyang makalaya mula sa utang, kaya pinalitan niya ang kanyang *mindset* tungkol sa utang. Inaanyayahan niya rin ang lahat na gumaya sa kanya: mamuhay ng simple, magplano bago umutang, at unahin ang mga bagay na kinakailangan bago ang mga bagay na gusto lamang.

At sa pamamagitan ng kanyang walang humpay na sipag at tiyaga, nabayaran na rin ni Teacher Mary ang lahat ng kanyang mga utang.

KABANATA 4: TUNGKOL SA CREDIT (UTANG)

Magmula sa 5-6 hanggang sa mga *credit card*, pamilyar sa kultura natin ang pangungutang. Madalas tayong nangungutang para sa mga *emergencies* gaya ng biglaang pagpapaospital, o kaya naman upang bumili ng isang bagay na malaki ang halaga, gaya ng kotse o bahay.

Sa nakaraang kabanata, napag-usapan natin ang *insurance* bilang isang paraan na maaari mong gamitin para protektahan ang sitwasyong pinansyal ng iyong pamilya at ng iyong sarili. Alam mo ba na ang pag-utang ay maaari din maging proteksyon sa iyong *finances*? Kapag nangutang ka para sa mga tamang dahilan, maaari itong makatulong sa pagpapabuti ng iyong *financial life* at sa pagkamit ng iyong mga pangarap.



Halimbawa, isa sa matagal mo nang pangarap ay ang makabili ng sarili mong bahay. Simple lang ang bahay na gusto mo at masipag ka mag-ipon para rito. Isang araw, may natanggap kang magandang trabaho sa siyudad na pinapangarap mong tirhan. Naghanap ka ng mga *residential properties* na malapit sa opisina na pagtatrabahuhan mo at nakahanap ka ng isang simpleng bahay na *for sale* na

sakto para sa iyo at sa iyong pamilya. Tamang-tama ang laki at malalakad mo ang iyong bagong opisina mula sa bahay na ito. Nagmadali kang tignan ang iyong ipon ngunit nakita mo na hindi parin ito sapat para bilhin ang bahay na ito. Ano ang gagawin mo? Isa itong halimbawa ng sitwasyon na maaaring maging kapaki-pakinabang ang pag-utang para sa iyo.



ANO BA ANG UTANG?

Ito ay ang paghiram ng pera o *assets* sa ibang tao o institusyon at pagpangakong babayaran ito sa araw na napag-usapan. Karaniwang mas malaki ang babayaran ng nanghiram dahil dadagdagan ito ng interes o porsyento ng halaga na kanyang hiniram.

PAGHIRAM NG PERA AT PAGKAKAROON NG UTANG



Ang pangungutang ba ay mabuti o masama? Depende.

May mga sitwasyon na kinakailangan mong mangutang upang makamit ang iyong *financial goals*. Ilan sa halimbawa ay kapag mangungutang ka para makabili ng bahay, kotse, o para makapagsimula ng negosyo. Sa mga halimbawang ito, gagamitin mo ang perang hihiramin mo para sa pag-unlad ng iyong buhay. Ang tawag sa mga utang na ito ay *good debt*.

Ngunit, kailangan mong mag-ingat dahil kung may *good debt*, mayroon ding *bad debt* o yung mga utang na hindi nakatutulong sa pag-unlad ng iyong buhay.

Halimbawa ng *bad debt* ay ang mga utang na para sa sobra-sobra o hindi kinakailangang mga luho. Kapag nang-utang ka ng hindi alam kung paano mo ito babayaran, hindi makatutulong sa iyong finances ang iyong utang. Kaya naman hangga't kaya,

iwasan ang ganitong klase ng utang. Pero paano nga ba natin malalaman ang pinagkaiba ng “*good debt*” at “*bad debt*”?

Simple lang: kailangan mong malaman ang iyong mga dahilan sa pag-utang at kung kaya mo bayaran ang iyong utang sa takdang panahon.

ANO ANG “DEBT TRAP” AT PAANO MO ITO MAIIWASAN?

Ang *debt trap* ay isang sitwasyon kung saan lubos na hirap tayong bayaran ang ating pinagkakautangan. Kung ikaw ay nahulog sa *debt trap*, nabaon ka na sa iyong mga utang. Hindi mabuti para sa ating *financial*

wellness journey ang pagkalubog sa utang, tiyak na magiging mahirap para sa atin ang *maintain* ang nakasanayang *lifestyle* ng pamilya at lalong magiging pagsubok ang pag-abot ng ating *financial goals*.



Pero paano nga ba makaiwas sa *debt trap*? Ito ang aming payo:



#1: Maging responsible sa pamamahala ng iyong mga pinagkakautangan.

Limitahan ang iyong sarili sa isa o dalawang *credit card* at *i-track* kung saan napupunta ang iyong mga ginagastos. Sa ganitong paraan, malalaman mo ang saktong halaga ng iyong gastos at maiiwasan mong sumobra sa iyong kakayahan ang mga gastos mo.



#2: Tratuhin na parang *cash* ang *credit card*.

Sikapin mong gamitin lang ang *credit card* mo kung kaya mong bayaran ng *cash* ang gusto mong bilhin. Itabi ang halaga na iyong pinamili gamit ang *credit card* sa isang *bank account* para siguradong may pambayad ka ng iyong *credit card bills*.



#3: Siguraduhing magbayad ng mga *credit card bills* at *loan payments* sa nakatakdang panahon.

Ang karamihan ay binabayaran lang ang *minimum required payment* ngunit kung kaya mo naman, magbayad ng eksakto sa kinakailangang halaga. Sa ganitong paraan, mababawasan ang *interest* at maiiwasan ang mga karagdagang singil na nakadadagdag pa ng hirap sa pagbabayad ng iyong utang.

ANO ANG IYONG MGA OPTIONS SA PAG-UTANG?

PARAAN NG PAG-UTANG	INTEREST	POSITIBONG ASPETO	NEGATIBONG ASPETO	ADVICE
Kaibigan/ kamag-anak	Depende sa hinihiraman	Depende sa termino: maaaring maging mura at mabilis	Nagiging ugat ng tensyon sa pagitan ng magkaibang/kamag-anak	Pahalagahan ang tiwala; magbayad agad at ng sapat na interes
Credit cooperative	0–10% kada buwan	Maaaring hulugan sa loob ng maraming buwan: may balik-tangkilik o rebates	Depende sa coop ang halagang hihiramin, at uri ng loan ang interes na kailangan bayaran	Siguraduhing mababayaran on time lalo na't ang karamihan ng miyembro sa coop ay nakakasama natin araw-araw
Paluwagan o self-help groups	Walang interes	Sa maliit na hulog kada buwan ay malaki ang halagang mapupunta sa iyo	Kung may hindi maghulog ay lugi ang makukuhang kapital	Sumali lang sa paluwagan kung saan ang hulog ay hindi gaanong kalaki
Bank loan	9%—27% <i>annual percentage rate</i> (APR)	Maaaring hulugan sa loob ng maraming buwan	Kailangan ng collateral	Sikapang bayaran dahil lumalaki ang interes, at nadadagdagan pa ng penalty fees kapag hindi nakakabayad
5-6	20% kada linggo	Mukukuha kaagad ang kailangang pera	Malaki masyado ang interes	Hangga't maaari iwasan ang ganitong uri ng utang

NSTP Financial Literacy Training Program Participant's Workbook, Ateneo de Manila University, 2014

Kapag pumipili ng paraan ng pag-utang, importanteng malaman ang mga positibong aspeto at negatibong aspeto ng bawat klase. Mahalaga ang

mga magagandang katangian. Ngunit, mahalaga ring malaman ang mga responsibilidad at mga pananagutan mo para lagi kang handa.

MAG-INGAT LAGI!

Maraming options na maaari mong pagpilian pagdating sa pag-utang. Alalahanin lamang na nakadepende sa iyong personal na sitwasyon at pinansyal na pangangailangan ang uri ng utang na nararapat para sa iyo.

Marami sa mga nangungutang ay dumarating sa sitwasyon kung saan nahihirapan silang makapagbayad sa kanilang pinagkakautangan o *creditor*. Ang utang ay isang *liability* at obligasyon na dapat mong bayaran.



Ngunit, kung ika'y nakakaranas ng pang-aabuso mula sa iyong *creditor*, mahalagang alam mo ang iyong karapatan para maiwasan ito. Tandaan ang mga sumusunod na paraan ng pagkolekta ng utang na ipinagbabawal ng batas⁸.



Ang paggamit ng dahas o pagbabanta ng dahas o ilegal na paraan para saktan o sirain ang iyong pangangatawan, reputasyon, ang iyong pagmamay-ari o ang iyong mga mahal sa buhay



Pagbabanta ng ilegal na aksyon



Paggamit ng bastos na pananalita o paninirang-puri



Ang pagkalat o ang pagbabanta ng pagkalat ng maling impormasyon tungkol sa iyo o sa kahit sino man



Paggamit ng panlilinlang o kasinungalingan para maningil ng utang o kumuha ng impormasyon tungkol sa iyo o sa ibang tao



Ang pag-kontak sa hindi makatuwirang oras, labas ng *regular business hours* (bago mag 6:00 a.m. o pagkatapos ng 10:00 p.m.)



Pagkakatat ng pangalan o personal na impormasyon ng mga taong hindi kayang bayaran ang kanilang utang o ayaw bayaran ang kanilang utang nang hindi nagpapaalam sa taong iyon o ang pagkalat nito sa mga taong hindi kailangan malaman ang impormasyong ito

⁸**Prohibition on Unfair Debt Collection Practices of Financing Companies and Lending Companies. Securities and Exchange Commission. (2019)** <http://www.sec.gov.ph/wp-content/uploads/2019/05/2019NoticeMemorandumCircularonUnfairDebtCollection.pdf>

MGA PRAKTIKAL NA TIPS BAGO HUMIRAM NG PERA

Upang maiwasan ang mga hirap o *challenges* na dala ng pagkakaroon ng utang, tanungin muna ang iyong sarili ng mga sumusunod bago mangutang:

- **Kailangan mo ba talagang mangutang?** Isipin ang rason kung bakit ka mangungutang. Makakatulong ba sa situwasyong pinansyal mo ang iyong utang o magiging pasanin ba ito sa iyo?
- **Kailangan mo na ba ang pera ngayon?** Isipin kung madalian mong kailangan ang perang gusto mong utangin. Kung kaya mo namang maghintay, baka hindi mo muna kailangang mangutang o maaaring mas mababa na ang halaga ng iyong kailangang utangin.
- **Magkano ba ang kailangan mo?** Dapat alam mo ang eksaktong halaga na kailangan mong utangin para hindi ka magkaproblema sa hinaharap.
- **Kaya mo bang bayaran ang *loan amortization*?** Ang sekreto sa pag-iwas sa *debt trap* ay ang pagbayad ng iyong mga *monthly installment* sa tamang oras. Tignan ang iyong mga gastusin at isipin kung paano mo babayaran ang mga *amortization* mo sa bawat buwan.

LOAN CALCULATOR

Ito ang mga *link* na puwede mong bisitahin!



Para tulungan kang sagutin ang mga tanong na ito, maraming mga *loan calculator* ang BPI na magsasabi sa iyo kung gaano kalaki ang dapat mong bayaran sa bawat buwan na umutang ka sa kanila. Puwede itong makatulong sa pag-ayos ng iyong badyet para maglaan sa mga *monthly amortization* na kailangan mong bayaran. Puwede mo rin itong gamitin bilang gabay sa pagdedesiyon kung mangungutang ka.

<https://www.bpipersonalloans.com/loancalculator>

<https://www.bpicards.com/Calculators/>

<https://cal.bpiautoloans.com/loan-calculator/bpi>

Gawin ito!

Dadalhin ka ng mga link na ito sa iba't-ibang online resource.

CHAPTER WRAP-UP!

Bilang katapusan, alalahanin na ang utang ay isa lang sa mga *tools* na puwede mong gamitin para makamit ang *financial freedom*. Ngunit gaya ng kahit anong *tool*, kailangan alam mo kung paano ito gamitin. Kung hindi tayo magiging wais sa pamamahala ng ating utang, maaari tayong mabaon dito at mas lalong mahirapang bumangon at bumawi.

Kaya kapag pinag-iisipan mong mangutang, laging tandaan ang mga tanong na ito:

Isa ba itong produktibong aktibidad?

Kaya mo bang bayaran ang utang ng buo?

Kaya mo bang bayaran ito sa tamang oras?

Kung “oo” ang sagot mo sa lahat ng mga tanong, handa ka nang mangutang!





KABANATA 5

Tungkol sa *Investments* (Pamumuhunan)

CASE STUDY: NA-SCAM SI CORPORAL STAR

Noon pa man, interesado na si Corporal Star sa pag-*invest*. Hangad niyang lumago ang kanyang pera sa mabilis at madaling paraan. Bilang pulis na laging abala sa kanyang tungkulin na paglingkuran ang mga kapwa Pilipino, gusto ni Corporal Star makahanap ng *investment product* na hindi nangangailangan na siya’y maging *hands-on*, pero nangangako na siya’y kikitita pa rin ng malaki. Pangarap niya ito para pagbutihin ang *financial life* ng kanyang sarili at ng kanyang mga minamahal sa buhay.

Isang araw, habang siya ay nagba-*browse* sa *social media*, nakakita si Corporal Star ng *advertisement* tungkol sa isang *investment product* na nangangakong *dodoble* ang pera niya kung mamumuhunan siya dito. Na-*excite* si Corporal Star sa potensyal na malaking halaga na kikitain niya kaya naman *invest* na niya ang kanyang karagdagang ipon sa kompanya na naglabas ng *ad*. Noong umpisa, masigasig ang pagbibigay ng *pay-out* ng *investment company*. Ngunit, pagkaraan ng ilang linggo ay napansin ni Corporal Star na hindi kumikita ang kanyang puhunan. Sinubukan niyang kausapin ang ahente ng *investment company* ngunit hindi na niya ito makontak. Doon napagtanto ni Corporal Star na nabiktima siya ng isang *investment scam*.

Para maiwasan ang kapalarang ito, pinapayo ni Corporal Star na lagi maging alisto at maging masipag sa pananaliksik bago mamuhunan o mag-*invest*.

Ngayon na marunong ka nang mag-ipon, protektahan ang iyong pamilya at sarili laban sa mga *emergency*, at paano mang-utang ng tama, panahon na para matutunan mo kung paano palaguin ang pera mo sa pamamaraan ng wais na pag-*invest* o pamumuhunan.

Kapag nakapili ka ng tamang investment product, maaaring ang pera mo na ang kumita para sa iyo!

Kapag narinig natin ang salitang *investment*, madalas tayong *intimidated* dahil naiisip natin na pang mayaman lamang ito. Pero alam mo ba na hindi kailangang ika'y mayaman para mag-

participate at magtagumpay sa mundo ng *investments*.

Sa katunayan, madami nang mga *investment products* ang idinisenyo para sa mga karaniwang Pilipino. Maraming mga bangko at negosyo ang nag-aalok ng mga simpleng *investment products* na puwede mong gamitin para magsimulang mamuhunan. Madami na ring mga lehitimong *mobile applications* kung saan

puwede kang mamuhunan gamit lang ang iyong *cellphone*.

Sa panahon ngayon, napakarami nang mga puwedeng gawin para magsimulang mamuhunan o mag-*invest*. Konting kaalaman, pagsisikap, at *common sense* ang iyong kailangan para simulan ang iyong *investment journey*.



ANO ANG PAMUMUHUNAN O INVESTMENT?

Kapag inisip natin ang pamumuhunan, pagnenegosyo ang karaniwan nating naiisip. Pero ang pagnenegosyo ay maliit na parte lamang ng mas malawak na usapin ng pamumuhunan o *investment*. Sa madaling salita, ang pamumuhunan ay ang paglalagay ng kapital sa isang *investment company* o *product* sa pag-asang magbibigay ito sa iyo ng kita o *income*.

ANO ANG PAGKAKAIBA NG PAG-IIPON AT INSURANCE AT PAMUMUHUNAN?

Sa nakaraang kabanata, napag-usapan natin na ang ipon ay ang bahagi ng iyong kita na pinipili mong itabi para sa *future expenses*, gaya ng *emergency* o mga *short-term goals*. **Ang ipon ay karaniwang (ngunit hindi lagi) nilalagay sa isang *savings account* at dapat maaaring *ma-withdraw* sa kahit na anong oras.**

Natalakay na rin natin ang *insurance*. Ang *insurance* ay may mga *benefits* na wala ang pamumuhunan o *investments*.

Halimbawa, ang mga *insurance policy* ay madalas na *exempt* sa mga *estate taxes*, minsan ito ay partikular sa mga pangangailangang medikal, at mayroon itong malinaw na patakaran sa iyong mga papamanahan kapag ikaw ay pumanaw na. Ito ay dahil ang layunin ng ***insurance* ay protektahan ang iyong pamilya at iyong sarili sa mga *emergency* o mga kalamidad.**

Ang pamumuhunan naman ay isang paraan na puwede mong

gamitin para palaguin ang iyong pera. **Ang pangunahing layunin nito ay kumita ng interes o tubo.** Isa sa halimbawa nito ay pagnenegosyo. Pinapasukan mo ang isang negosyo dahil gusto mong lumago ang iyong *initial investment* (o kapital) sa pamamagitan ng pagkita ng pera (tubo). Ganito din ang pamumuhunan. Ang perang ilalagay mo sa *investment* ay ang iyong kapital. Ang lahat ng perang kikitain mo ay ang iyong tubo o kita.

ANO ANG MGA IBA'T-IBANG KLASSE NG INVESTMENT?

Mayroong dalawang klase ng *investment*: **ang *fixed income* at *variable income***. Sa *fixed income*, ang paglaki ng iyong *investment* ay tuloy-tuloy at *predictable*. Sa *variable income*, puwede kang tumubo o mawalan ng pera habang lumilipas ang panahon.

Ang ***fixed income investment*** ay ang mga puhunan kung saan hindi nag-iiba ang halaga na maaari mong matanggap sa paglipas ng panahon. Lumalago ang iyong pera sa isang *steady rate over time*. Ang mga ganitong klase ng *investment* ay mas ligtas o *safe* at *predictable*. Maliit ang tyansa na malugi sa ganitong klase ng *investment*. Ngunit kapalit ng seguridad na ito ay mas maliit ang maaari mong kitain dito kumpara sa kikitain mo sa *variable income investments*.



Ang ***variable income investment*** naman ay mga puhunan kung saan ang kita o *income* ng iyong kapital ay maaaring mag-iba sa paglipas ng panahon. Maaaring tumaas o bumaba ang halaga ng iyong puhunan. Ito ay hindi kasing ligtas o *safe* at *predictable* na *investment* pero mas malaki ang maaari mong kitain kumpara sa *fixed income investments*.



KABANATA 5: TUNGKOL SA INVESTING (PAMUMUHUNAN)



Kung kami ay iyong tatanungin kung ano ang *better investment*, *fixed* o *variable income investment*, walang tamang sagot na *valid* para sa lahat. Laging nakadepende sa iyong mga layunin at *risk profile* ang *klase ng investment* na bagay sa'yo.

Ngayong alam mo na ang dalawang klase ng *investment*, ano ang iyong mas gusto? Bakit?

Tanungin ang iyong kaibigan kung ano ang klase ng *investment* na mas gusto nila at bakit? Pareho ba kayo ng sagot?


Maaaring magkaka-iba kayo ng sagot dahil iba-iba ang *risk appetite* o *profile ng bawat isa*, at dahil diyan, iba-iba rin ang klase ng *investment* na babagay sa iyo. Para sa iba, handa sila sa *risk* na kasama ng *variable income* kung ang ibig sabihin naman nito ay maaari silang kumita ng mas malaki. Sila ang mga tinatawag na *aggressive investors*.

Para sa iba naman, mas gusto nila ang seguridad ng *fixed income investment* kahit na mas maliit ang puwede nilang kitain. Sila ang mga tinatawag na *conservative investors*.

Suriin natin ang isang halimbawa. Ang pinakasimpleng klase ng *fixed income investment* ay ang *time deposit*. Pinapakita ng tsart sa baba ang maaari mong kitain sa isang *fixed income investment* sa loob ng tatlung taon. Kung titignan natin, kahit tatlong dekada na ang nakaraan, hindi parin dumudoble ang iyong kapital!

Fixed Income - Time Deposit

Time Deposit, 2% bawat taon



Pagkatapos ng 30 taon, hindi dumoble ang iyong puhunan. Pero ang maganda dito ay walang perang nawala sa iyo at hindi ka nalugi.


KABANATA 5: TUNGKOL SA INVESTING (PAMUMUHUNAN)

Sa kabilang dako naman, ang tsart sa ibaba ay nagpapakita ng paglaki ng iyong puhunan sa isang *variable income investment* gaya ng *stocks*. Kung nagsimula kang mamuhunan noong 1990s sa isang *pool of stocks* na kasama ang mga *stocks* ng PLDT, Globe, at Ayala Land, mapapansin mo na mahigit sa tatlong beses ang

inilaki ng iyong puhunan sa loob ng 30 taon. Ngunit, dapat mong unawain na hindi pare-pareho ang galaw o movement ng kapital mo. Hindi talaga maiiwasan na may mga panahon na nalugi ka pa sa iyong puhunan. Sa halimbawang ito, nalugi ka noong 2008–2009.



Variable Income - Stocks PHILIPPINE STOCK MARKET (PSEI)



Ang sekreto ng pamumuhunan o pag-*invest* sa *stocks* ay ang pagiging matiyaga sa paghintay sa kita o *income*. Maaari kang kumita o malugi pero kung maghihintay ka, lalaki pa rin ang *value* ng pera mo. Ito ay napatunayan na ng *historical data*.



Iyan ang *nature* ng *risk* sa pamumuhunan o pag-*invest*—kung may pagkakataong kumita, mayroon ding pagkakataong malugi. Maraming dahilan ang pagtaas o pagbaba ng halaga ng *stocks*. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang pagpalit ng may-ari

ng kompanya, ang opinyon ng publiko tungkol sa kompanya, ang pangangasiwa ng gobyerno, at ang pangkalahatang sitwasyon ng *trade market*. Hindi mo maiiwasan ang *risk* sa pag-*invest*. Nasa sa iyo kung sulit ang *risk* na ito o hindi.

ANO ANG MGA DAHILAN NG PAGTAAS O PAGBABA NG HALAGA NG ISANG INVESTMENT?

INFLATION

Ang *inflation* ay isang karaniwang dahilan para mag-iba ang halaga ng puhunan. Ito ay ang rate ng pagtaas ng mga presyo ng mga bilihan at serbisyo at ang katumbas na pagbaba ng halaga ng pera.

Kasama sa trabaho ng Bangko Sentral ang paglimita ng *inflation* at pag-iwas sa *deflation* para patuloy ang pag-unlad ng ating ekonomiya. Ngunit hindi talaga maiiwasan ang paminsan-minsan na *inflation* dahil ito ay natural na resulta ng ating *financial system*.

Ang ibig sabihin nito, dahil sa *inflation*, patuloy na bumababa ang halaga ng ating ipon at ng ating pera nang hindi natin

napapansin. Ang halaga ng ating pera at kung ano ang kaya nitong bilhin o ang *purchasing power* ay mas mataas noon kaysa ngayon. Kahit wala tayong ginagawa o ginastos, unti-unti tayong nababawasan ng pera.

Pero huwag kang mabahala! Ito ang dahilan kung bakit mahalagang magsimula nang mamuhunan. Makakatulong ang mga *investment* sa pagpapalago ng ating pera para labanan ang pagtaas ng *inflation rate*. Ito rin ang isa sa mga dahilan kung bakit kailangan natin maging wais sa pag-*invest* at kung bakit kailangan nating ilagay ang ating sobrang ipon sa iba't-ibang *investment instruments*.

INVESTMENT HORIZON

Tinatala ng susunod tsart ang *investment story* ng tatlong magkaibigan na sina Anna, Benjie, at Charlie. Nagsimulang mamuhunan si Anna noong siya ay 20 na taong gulang, pagkatapos niya sa kolehiyo. Si Benjie naman ay nagsimulang mamuhunan noong siya ay 30 na taong gulang, noong matagal na siyang nagtatrabaho. Si Charlie ay namuhunan noong siya ay 40 na taong gulang, kasabay nang pagpasok ng kanyang mga anak sa kolehiyo. Magkaedad ang tatlong magkaibigan at pareho ang *investment plan* na kanilang sinalihan. Ang pagkakaiba lang nila ay kung kailan sila nagsimulang mamuhunan.

	ANNA	BENJIE	CHARLIE
Principal Protected investments kada buwan	Php 5,000.00	Php 5,000.00	Php 5,000.00
Return sa Investment	2%	2%	2%
Edad	20 y/o	30 y/o	40 y/o
Edad ng pagretiro	60 y/o	60 y/o	60 y/o
Time Horizon	40 years	30 years	20 years
Kita sa Investment	Php 3,624,119.00	Php 2,434,085.00	Php 1,457,842.00
Risk Profile	Aggressive	Moderate	Conservative

Pinapakita ng tsart na ito ang *earning potential* ng tatlong magkakaibigan—20, 30, at 40 taong gulang—na nag-*invest* ng pareparehong halaga sa isang *financial product* na may *interest rate* ng 2% (gaya ng *time deposit account*). Pareparehong hindi ginalaw nina Anna, Benjie, at Charlie ang kanilang *investment* hanggang naging 60 taong gulang sila.

Mapapansin natin sa tsart na si Anna, ang pinakamaagang namuhunan, ay siya rin ang kumita ng pinakamalaking halaga. Mas maliit ang kinita ni Benjie kaysa kay Anna ngunit mas malaki pa rin kaysa sa kinita ni Charlie. At si Charlie na pinakahuling namuhunan

ang may pinakamaliit na kita. Ngunit gayunpaman, ang mahalaga ay may kinita pa rin siya.

Ang makikita natin ay kung mas maagang namuhunan, mas malaki ang kikitain ng investment mo habang lumilipas ang panahon. Kung mas mahaba ang iyong *time horizon to invest*—40 taon para sa mga mamumuhunan kapag sila ay 20 na taong gulang, 30 taon para sa mga mamumuhunan kapag sila ay 30 na taong gulang, at 20 taon para sa mga mamumuhunan ng 40 na taong gulang—mas malaki ang iyong kikitain dahil sa *compounding interest*.

RISK APPETITE AT INVESTMENT PERSONALITY

Ikaw ang bahala kung kailan ka magsisimulang mamuhunan. Balikan natin ang tsart at tignan ang huling hilera. Mapapansin na ang bawat isa ay may kanya-kanyang *risk profile*: *aggressive*, *moderate*, o *conservative*

Ang pagiging pamilyar sa iyong *risk profile* ay importanteng konsiderasyon bago ka magsimulang mamuhunan.

Maraming dahilan kung bakit mo makukuha ang isang *risk profile*: ang iyong edad, pinagkakakitaan, dami ng mga taong nakadepende sa iyong kita, ang iyong istilo ng pamumuhay, ang iyong kaalaman tungkol sa mga *investment products*, ang iyong kaalamang pinansyal, atbp. Kung ikaw ay bata pa lamang at kumikita ka lang para suportahan ang iyong sarili, puwedeng maging mas *aggressive* ang iyong

profile. Kung marami kang *dependent*, puwedeng maging mas *conservative* ang iyong *profile*.

Ano ang mga dahilan na nakaaapekto sa iyong *profile* at kung paano ka namumuhunan? May mga anak ka ba? Regular ka bang kumikita ng suweldo? Komportable ka bang mawalan ng kaunting pera? Ano ang iyong mga layunin sa pamumuhunan?

Importante para sa atin na malaman ang ating *risk appetite* para alam din natin ang uri ng *investment* na bagay sa atin. Marami nang mga *online test* na makakapagsabi sa atin nito. Gawin natin ang isang aktibidad na magbibigay sa atin ng ideya kung ano ang klase ng *investment* na bagay sa atin.

Gawain 5.1: *Risk Appetite (Risk vs. Return)*

Piliin sa mga sumusunod ang iyong gustong makuha sa pamumuhunan:

MABABANG *RISK*
MABABANG KITA

MABABANG *RISK*
MATAAS NA KITA

MATAAS NA *RISK*
MABABANG KITA

MATAAS NA *RISK*
MATAAS NA KITA

Gawin ito!

Piliin ang angkop sa iyo para makita ang sagot sa susunod na pahina!



RISK APPETITE AT INVESTMENT PERSONALITY

Exercise 5.1: Risk Appetite (Risk vs. Return)

MABABANG RISK
MABABANG KITA

FIXED INCOME INVESTMENTS

MABABANG RISK
MATAAS NA KITA

**MAG-INGAT!
PAG-ARALAN NANG MABUTI**

MATAAS NA RISK
MABABANG KITA

BAKIT KA MAMUMUHUNAN DITO?

MATAAS NA RISK
MATAAS NA KITA

VARIABLE INCOME INVESTMENTS

Alin ang iyong pinili? Natural para sa atin na mag-asam ng mataas na kita na mababa ang risk. Pero mag-ingat! Walang pamumuhunan na walang *risk*. Ang mga nagsasabi na walang *risk* ang kanilang *investment product* ay karaniwang mga manloloko.

Kung gusto mong malaman kung anong klaseng *investment personality* ang mayroon ka, piliin ang mga pahayag na tama para sa iyo:

Gusto ko ng kapanatagan ng loob, importante sa akin ang seguridad, okey lang sa akin ang mababang kita



Ikaw ay ang **CONSERVATIVE TYPE** na bagay mag-invest sa *money market funds*

Gusto ko ng mas mataas na kita, kapag ako ay nagdedesiyon ako ay mabagal pero sigurado



Ikaw ay ang **MODERATELY CONSERVATIVE TYPE** na bagay mag-invest sa *bond funds*

Tanggap ko ang *volatility*, hindi ako takot na panandaliang mawalan ng kaunting pera



Ikaw ay ang **MODERATELY AGGRESSIVE TYPE** na bagay mag-invest sa *balanced funds*

Nakikita ko ang *volatility* at *market decline* bilang mga oportunidad



Ikaw ay ang **AGGRESSIVE TYPE** na bagay mag-invest sa *equity funds*

PAANO MAGSIMULA SA PAMUMUHUNAN?

STEP 1

Siguraduhing mayroong sapat na ipon.



STEP 2

Alamin ang iyong *investment personality*.



STEP 3

Magsaliksik tungkol sa mga lehitimong *investment products*.



STEP 4

Pumunta sa mapagkakatiwalaang bangko o *investment company* para magtanong tungkol sa pamumuhunan.



STEP 5

Magbukas ng *account* at magbayad ng kinakailangang *minimum maintaining balance*.




STEP 6

Makipag-ugnayan sa iyong *investment counselor* o *fund manager* para sa mga *update* tungkol sa iyong *investment*.



PAGKILALA AT PAG-IWAS SA MGA FINANCIAL FRAUDS AT SCAMS

Maraming klase ng *financial frauds and scams*. Ang dalawang karaniwang *scam* ay ang **Ponzi scheme** at ang **pyramid scheme**.



Ginagamit ng Ponzi at *pyramid schemes* ang iyong perang binabayad bilang bagong mamumuhunan para bayaran ang “kita” ng mga naunang *investor*. Ang karaniwang nakikinabang lang sa mga modelong ito ay ang mga naunang *investor* (na karaniwan ay sangkot sa *scam*). Siguradong babagsak ang mga *scam* na ito. Siguradong lugy ka kung sumali ka dito.


Nakadepende ang **Ponzi scheme** sa mga *investment* na binabayad ng mga bagong *investor* para bayaran ang mga naunang *investors*. Para hindi sila mahuli, pinapamukha nilang “kita” ang perang ito. Pinapangako ng mga *Ponzi scammer* na ikaw ay kikita ng malaki sa mababang *risk*. Huwag magpaloko! **Nanggagaling lang ang kitang ito sa mga bagong investor kagaya mo.** Ang ibig sabihin nito ay kikita ka lang ng malaki kapag nakarecruit ang *investment*

company ng mga bagong mamumuhunan. **Napakahina ng sistemang ito at madalas bumabagsak ang scheme na ito bago ka pa kumita.**

Kagaya ng *Ponzi scheme*, **sa pyramid scheme** ay nakadepende ang “kita” ng mga *scheme* na ito sa mga bayad ng bagong *recruits*. **Tinatago ng mga scammer ang katotohanang ito sa likod ng isang produkto na dapat mabenta ng kanilang mga miyembro.** Pero mag-ingat!

Ang produktong ito ay karaniwang mas mataas ang halaga kumpara sa presyo ng parehong produkto sa merkado o kaya ay napakahirap ibenta. Sa isang *pyramid scheme*, nakadepende ang iyong kita sa dami ng taong masasama mo sa *scheme* at sa dami ng tao na kanila namang masasama. Gaya ng *Ponzi scheme*, madalas bumabagsak ang *scheme* na ito bago ka pa kumita.

Para maka-iwas sa *Ponzi* o *pyramid scheme*, tanungin sa sarili ang mga sumusunod na tanong:

<p>Nakadepende ba sa <i>recruitment</i> o sa <i>cash investment</i> ang negosyo kung saan ka namuhunan?</p>	
<p>Nagbebenta ba sila ng mga produkto na mas mataas ang halaga kung ikukumpara sa presyo ng parehong produkto sa merkado o kaya ay napakahirap maibenta?</p>	 <p>Gawin ito! I-check ang kahon na angkop sa iyong sitwasyon!</p>
<p>Nangangako ba ito ng mataas na interes o kita sa loob ng maikling panahon?</p>	
<p>Ang kita ba ng mga miyembro ay nakasalalay sa mga bagong <i>recruit</i> at <i>downline</i>?</p>	

Kung ikaw ay nasa isang sitwasyon kung saan pinipilit kang mamuhunan sa negosyo, huwag kang papayag. Malamang ay *scam* ito.

Alalahanin na walang lehitimong negosyo o pamumuhunan na nakadepende sa bagong *recruit* para sa kanilang kita. Kung ikaw ay nasa isang situwasyon kung saan pinipilit kang mamuhunan sa negosyong ito, huwag kang papayag. Malamang ay nasa-*scam* ka na.



Para maiwasan ang mga *financial frauds at scams*, ito ang aming mga payo:



#1: Isipin kung paano kumikita ng pera ang negosyong iyong pinapasok.

Nakabase ba ang kita sa *recruitment* o *cash investment*? Nagbebenta ba sila ng mga produkto na mas mataas ang halaga kumpara sa presyo ng parehong produkto sa merkado o kaya ay napakahirap ibenta? Kung oo, malamang ay *scam* itong *investment* na ito. Ang negosyo na nakasalalay sa *recruitment fee*, *cash investment*, o mga produkto na walang halaga ay nakadepende sa iyong *initial investment* para suportahan ang kompanya. Hindi nagtatagal ang mga negosyong ganito at malulugi ka lang kapag sila ay bumagsak.



#2: Suriin ang pinapangako nila.

Nangangako ba sila ng mataas na kita sa lalong madaling panahon? Kung oo, malamang ay *scam* ito. Alalahanin ang kasabihan na "*if something is too good to be true, it probably is.*" Kung ang isang bagay ay sobrang ganda na hindi ito kapanipaniwala, malamang ay hindi ito totoo. Mahilig gumamit ng marangya at kaaya-ayang mga pangako ang mga *scammer* para maakit ka at madali kang maloko. Pero huwag magpapadala.



#3: Gamitin ang Google search.

I-*search* ang pangalan ng kompanya kasama ang salitang "*scam*" sa Google. Isa itong paraan para malaman kung may reputasyon ang kompanya bilang *scammer*. Alalahanin ang kasabihang "*if there's smoke, there's fire.*" Kung marami kang makitang resulta na nagsasabi na *scammer* nga ang kompanyang iyon, huwag nang mamuhunan sa kanila at maghanap ng mas lehitimong negosyo.



Marami nang mga *bank transactions* ang nagaganap *online* dahil mas madali ito. Pero madami ring kakaibang mga panganib ang nagtatago sa *online space*, mga panganib na dapat mong kilalanin para maprotektahan mo ang pera mo. Sa isang karaniwang paraan ng *online scamming*, magkukunwari ang *scammer* na siya ay kinatawan ng iyong bangko para makuha niya ang

pribadong impormasyon mo (gaya ng iyong *password* o mga sagot sa iyong *security tests*). Puwede ito mangyari sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa *email*. Importanteng alam mo ang mga *security protocol* ng iyong bangko para madali mong makikilala ang mga *scammer* na nagkukunwaring kinatawan ng bangko.

CHAPTER WRAP-UP!

Kapag namumuhunan o pinag-iisipan na magsimulang mamuhunan, laging tatandaan ang sumusunod: Magtanong, maging mausisa, at maging wais.

MAGTANONG!

Nakakaaliw ang mamuhunan o mag-*invest*. Ito na ang pagkakataon mong palaguin ang halaga ng iyong pera. Ngunit, laging tandaan na maglagak lang ng pera sa mga *investment product* at negosyong ating naiintindihan. Magsaliksik. Itanong ang lahat ng tanong na iyong maisip. Alalahanin na maaaring malagay sa peligro ang iyong *finances*. Naiintindihan ng mga lehitimong *investment companies* na gustong maging maingat ng mga tao sa kanilang pera kaya naman siguradong sasagutin nila ang lahat ng mga tanong mo.

MAGING MAUSISA!

Magiging maigi din na magsaliksik ka. Maghanap ng mga lehitimong *sources* sa *internet* tungkol sa klase ng pamumuhunang gusto mo. Magtanong sa mga kaibigan o kapamilya na pinagkakatiwalaan mo at alam mong may kaalaman tungkol sa paksang ito. Alamin ang mga termino o salitang ginagamit sa pamumuhunan para hindi ka maguluhan kapag iniisip mo na kung saan ka mamumuhunan. Hingin ang mga *brochure* at *flier* ng mga bangko at ng mga mapagkakatiwalaang *investment house* tungkol sa kanilang mga *investment*

products.

MAGING WAIS!

At huli, itaya lamang ang perang handa kang mawala. Hindi garantisado na kikita ka sa iyong puhunan. Ito ang katotohanan ng pamumuhunan. Huwag magpalinlang sa mga pangako ng mataas na kita. Kung ito ay pera na kakailanganin mo sa hinaharap, ilagay na lang ito sa isang *savings account*.

Mag-ingat sa mga *scammer* na gustong nakawin ang iyong pinaghirapan.





Simulan nating i-unbox ang iyong *Financial Wellness Journey!*

Natapos mo na ang *financial wellness workshop*. **Congratulations!** Nasa iyo na ang mga kasangkapan para itayo ang isang mas magandang *financial life* para sa iyo at sa iyong pamilya.

Kung gusto mo, puwede mong balikan ang **Pre-questionnaire** na sinagutan mo sa simula ng *workshop* na ito at suriin ang iyong mga sagot. Totoo pa ba ang mga ito? Nag-aalala ka pa rin ba tungkol sa mga bagay na inalala mo noon?

Gawin ito!

I-click para bumalik sa pre-assessment questionnaire.

Maganda ring pagkakataon ito para isipin ang mga bagong mong natutunan at kung ano ang mga araling gusto mong isabuhay. Ito ba ay ang *new formula* para sa pag-iipon? Baka gusto mo nang kumuha ng *pre-need insurance plan*? Baka pinag-iisipan mo na rin kung paano mo maiaahon ang sarili mo mula sa *debt trap* o kaya naman napagtatanto mo na kung ilang *investment scam* ang nakikita mo sa Facebook?

Kung ano man ang nagbago, madami ka nang natutunan

tungkol sa iyong sariling *financial wellness*. Sana ay maisabuhay mo ang iyong mga natutunan sa *workshop* na ito. Hawak mo ang iyong kapalaran! **Gamitin ang iyong bagong kaalaman para magtayo ng bagong kinabukasan para sa iyo at sa iyong mga minamahal sa buhay.** Kaya mo ito!

